


<p>Kagawaran ng Hustisya ng California (California Department of Justice) DIBISYON NG PAGPAPATUPAD NG BATAS (DIVISION OF LAW ENFORCEMENT) Stephen Woolery, Hepe (gumaganap)</p>		<h1>BULLETIN NG IMPORMASYON</h1>	
<p><i>Paksa:</i></p> <p><b>Update sa Bulletin ng Impormasyon 2020-DLE-01: Bago at Umiiral na mga Batas ng Estado at Pederal na Pumoprotekta sa mga Imigranteng Biktima ng Krimen</b></p>	<p><i>Blg.</i></p> <p>2024-DLE-05</p>	<p><i>Contact para sa impormasyon:</i></p> <p>Stephen Woolery, Chief (gumaganap) ng Dibisyon ng Pagpapatupad ng Batas (Division of Law Enforcement) (916) 210-6300</p>	
	<p><i>Petsa:</i></p> <p>04/03/2024</p>		

## PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS SA CALIFORNIA

Layunin ng bulletin na ito na i-update ang impormasyong ibinigay sa Bulletin ng Impormasyon 2020-DLE-01, na may petsang Abril 1, 2020, na may pamagat na “Update sa Bulletin ng Impormasyon Blg. 2015-DLE-04: Bago at Umiiral na mga Batas ng Estado at Pederal na Pumoprotekta sa mga Imigranteng Biktima ng Krimen.” Naghandog ang Bulletin ng Impormasyon 2020-DLE-01 ng detalyadong buod ng dati’y bagong batas ng estado, ang Assembly Bill (AB) 917 (Stats. 2019, Ch. 576), na isinasabatas at naging epektibo noong Enero 1, 2020, na nag-aatas sa mga ahensyang nag-iimbestiga o nag-uusig sa mga usaping kriminal na tulungan ang mga biktima ng krimen na walang awtorisadong katayuan sa imigrasyon sa kanilang aplikasyon para sa U nonimmigrant visa (U visa) – isang federal immigration visa na nakalaan para sa mga biktima ng krimen na dumanas ng matinding mental o pisikal na pang-aabuso dahil sa kriminal na aktibidad, at handang tumulong sa mga pederal, pang-estado, at lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas o opisyal ng gobyerno sa imbestigasyon ng kriminal na aktibidad na iyon.<sup>1</sup>

Noong Oktubre 10, 2023, nilagdaan ni Gobernador Gavin Newsom ang Immigrant Rights Act, Assembly Bill (AB) 1261 (Stats. 2023, Ch. 679), para maging batas, epektibo noong Enero 1, 2024. **Ang AB 1261 ay nagbibigay ng mga karagdagang apirmatibong obligasyon para sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas kapag tumutugon sa mga kahilingan para sa mga sertipikasyon ng U visa.** Nangangailangan ang Mga Serbisyo sa Citizenship at Imigrasyon ng United States ng Kagawaran ng United States para sa Pambayang Seguridad (United States Department of Homeland Security, United States Citizenship and Immigration Services o USCIS) ng mga sertipikasyong ito nang sa gayon ay mabigyan ng U visa ang kwalipikadong imigrante.

Dagdag pa sa pagbibigay ng patnubay sa bagong pinagtibay na AB 1261, sinasagot ng bulletin na ito ang mga nauugnay na tanong tungkol sa pagiging kwalipikado sa U Visa, at hinihikayat ang mga pang-estado at lokal na ahensya at opisyal na nagpapatupad ng batas na maging mapagbantay sa pagtukoy at pagsuporta sa mga imigranteng biktima ng krimen na posibleng kwalipikado para sa mga U visa. Mahalagang kasangkapan ang mga visa na ito para sa paghikayat sa pakikiisa ng mga saksi; pag-imbestiga, pag-usig, at paghatol sa mga kriminal; at pagpapabuti ng kaligtasan ng publiko.

<sup>1</sup> Tumutugon lang ang bulletin na ito sa mga sertipikasyon ng U visa. Gayunpaman, isinasaalang-alang naming naglalaman din ang AB 1261 ng mga update sa proseso ng sertipikasyon ng T visa. Matatagpuan ang higit pang impormasyon tungkol sa mga T visa sa: [https://www.dhs.gov/sites/default/files/publications/U-and-T-Visa-Law-Enforcement-Resource%20Guide\\_1.4.16.pdf](https://www.dhs.gov/sites/default/files/publications/U-and-T-Visa-Law-Enforcement-Resource%20Guide_1.4.16.pdf).

## **Batas ng California sa Regulasyon ng Pagpapatupad ng Batas sa mga Sertipikasyon ng U Visa—Epektibo noong Enero 1, 2024**

Inaamyendahan ng AB 1261 ang mga seksyong 679.10 at 679.11 ng Penal Code ng California at idinaragdag ang seksyong 679.13 sa Penal Code. Lubos na nangangailangan ang mga amyenda na ang pang-estado at lokal na ahensya at opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ay:

- Kumumpleto ng mga sertipikasyon ng U visa, kapag hiniling, para sa mga tuwirang biktima, di-tuwirang biktima, at biktimang bystander o saksi.
  - Ang **tuwirang biktima** ay sinumang tao na dumanas ng tuwirang pinsala o tuwiran at malapit na napinsala bilang resulta ng kwalipikadong kriminal na aktibidad.
  - Ang **di-tuwirang biktima** ay kwalipikadong miyembro ng pamilya ng tuwirang biktima na walang kasanayan, walang kakayahan, o namatay, kabilang ang mga asawa, anak na walang asawa at wala pang 21 taong gulang, magulang kung wala pang 21 taong gulang ang tuwirang biktima, at kapatid na wala pang 18 taong gulang kung wala pang 21 taong gulang ang tuwirang biktima. Kabilang sa pakikipagtulungan ng di-tuwirang biktima ang mga magulang na ginagawang available ang kanilang mga anak na makipag-ugnayan sa opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon.
  - Ang **bystander** o **biktimang saksi** ay sinumang indibidwal na di-tuwirang target ng krimen, ngunit gayunpaman ay dumanas ng hindi pangkaraniwang tuwirang pinsala bilang resulta ng kwalipikadong krimen.
  - Hindi kailangang nasa United States ang indibidwal sa oras ng pagsusumite ng sertipikasyon o kahilingan sa paghahain ng petisyon.
- Kumumpleto ng mga sertipikasyon ng U visa, kapag hiniling, para sa mga imigranteng biktima ng krimen na nakatulong, tumutulong, o malamang na makatulong sa pagtuklas, imbestigasyon, o pag-usig ng mga tinukoy na kwalipikadong krimen sa loob ng 30 araw sa karamihan ng mga kaso, at sa loob ng 7 araw mula sa unang business day kasunod ng araw na natanggap ang kahilingan kung nasa paglilitis sa pagtatanggal ang indibidwal o kung iginigiit ng indibidwal na hindi na magiging kwalipikado ang kanyang kwalipikadong miyembro ng pamilya para sa aplikasyon ng U visa sa loob ng 60 araw (tulad ng kung magiging 18 taong gulang ang di-citizen na kapatid ng biktima, magiging 21 taong gulang ang di-citizen na anak ng biktima, o magiging 21 taong gulang ang biktima).
- Pagtibayin ang “pagtulong ng biktima” o “pakikipagtulungan ng biktima” kung makatuwirang iginiiit ng biktima na wala silang kaalaman sa kahilingan para sa pakikipagtulungan. Sa mga ganitong kaso, hindi pinabubulaanan ng kanilang kabiguang makipagtulungan ang pagpapalagay na sila ay makakatulong, na ilalarawan pa nang mas detalyado sa ibaba.
- Magbigay ng nakasulat na paliwanag para sa mga pagtanggap sa sertipikasyon, kabilang ang mga partikular na detalye ng anumang makatwirang kahilingan para sa pakikipagtulungan at detalyadong paglalarawan kung paano tumanggap ang indibidwal na makipagtulungan.
- Kumumpleto ng sertipikasyon o kung hindi man ay magbigay ng sertipikasyon na nakatulong ang indibidwal anuman ang a) kasaysayang kriminal ng biktima, b) kasaysayan ng imigrasyon ng biktima, c) pagiging miyembro o kaanib ng gang ng biktima, d) paniniwala ng nagbibigay ng sertipikasyon na hindi maaaprubahan ang U visa, e) bukas na kaso ng biktima sa ibang ahensyang nagpapatunay, f) tindi ng pinsalang dinanas, g) kawalan ng kakayahan ng biktima na gumawa ng ulat ng krimen, at/o h) pakikipagtulungan o pagtanggap ng biktima na makipagtulungan sa hiwalay na kaso.

- Magbalik ng mga nakumpletong sertipikasyon sa imigranteng biktima ng krimen o sa kinatawan ng biktima nang walang pangangailangan sa kanilang pumunta nang personal o magbigay ang biktima ng pagkakakilanlang inisyu ng gobyerno.

Kabilang sa mga probisyon ng batas pang-estado na nananatiling hindi nababago ay:

- Dapat kumpletuhin ng opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ang mga sertipikasyon ng U visa, kapag hiniling, para sa mga biktimang imigrante ng krimen na nakatulong, nakakatulong, o malamang na makatulong sa pagtuklas, imbestigasyon, o pag-usig ng mga tinukoy na kwalipikadong krimen sa loob ng 30 araw sa karamihan ng mga kaso, at 7 araw para sa mga biktima na nasa mga paglilitis sa pagtatanggal.
- Mayroon pa ring pagpapalagay na puwedeng pabulaanan na nakakatulong, tumulong, o malamang na makatulong ang imigranteng biktima, kung hindi tumanggi ang biktima o nabigong magbigay ng impormasyon at tulong na makatuwirang hiniling ng nagpapatupad ng batas.
  - Dapat na pagtibayin ng opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ang “pagtulong ng biktima” o “pakikipagtulungan ng biktima” kapag hiniling ng biktima, miyembro ng pamilya ng biktima, lisensyadong abogado kumakatawan sa biktima, o kinatawan na ganap na kinikilala ng Kagawaran ng Hustisya ng United States na awtorisadong kumatawan sa biktima sa paglilitis sa imigrasyon.
- Dapat magbigay ang opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ng kopya ng ulat ng pulisya sa biktima, abogado ng biktima, o Kagawaran ng Hustisya ng United States na ganap na kinikilalang kinatawan ng biktima sa loob ng 7 araw mula nang isumite ang kahilingan.
- Posible lang na mag-withdraw ang opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ng dati nang ipinagkaloob na sertipikasyon kung tumatanggi ang biktima na magbigay ng impormasyon at tulong kapag makatuwirang hiniling.
- Dapat ganap na kumpletuhin at lagdaan ng opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ang sertipikasyon sa U visa at isama ang “mga partikular na detalye tungkol sa kalikasan ng iniimbestigahan o inuusig na krimen at detalyadong paglalarawan tungkol sa pagtulong ng biktima o malamang na pagtulong sa pagtuklas o imbestigasyon o pag-usig ng kriminal na aktibidad.”
- Ipinagbabawal ang mga ahensyang nagbibigay ng sertipikasyon na ibunyag ang katayuang imigrante ng biktima o taong humihiling ng sertipikasyon ng U visa, maliban kung susunod sa mga batas pederal o prosesong legal, o kung pinahintulutan ng biktima o taong humihiling ng sertipikasyon.
- Hindi kinakailangan ang kasalukuyang imbestigasyon, pagsasampa ng mga kaso, at pag-uusig o paghahatol para sa biktima sa paghiling at pagkuha ng sertipikasyon mula sa opisyal na nagbibigay nito.
- Dapat ang mga ahensyang nagbibigay ng sertipikasyon na tumatanggap ng mga kahilingan sa sertipikasyon ay taun-taong mag-ulat sa Lehislatura ng bilang ng mga biktima na humihiling ng mga sertipikasyon mula sa partikular na ahensya, bilang ng mga sertipikasyong nilagdaan, at bilang ng mga sertipikasyong tinanggihan.

Nalalapat ang mga requirement sa pang-estadong sertipikasyon ng U visa sa mga sumusunod na pang-estado at lokal na entidad at opisyal sa California:

- Mga pang-estado at lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas (kabilang ang kagawaran ng pulisya ng University of California, kampus ng California State University, o ang kagawaran ng pulisya ng distrito ng paaralan);

- Mga tagausig;
- Mga hukom (mga hukom na sibil o kriminal na nakatuklas ng kwalipikadong kriminal na aktibidad);
- Mga ahensyang may hurisdiksyon sa pagtuklas ng krimen o pag-iimbestiga sa kani-kanilang kaukulang larangan ng kadalubhasaan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyo sa proteksyon sa bata, Kagawaran sa Patas na Trabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing), at Kagawaran sa mga Relasyong Industriyal (Department of Industrial Relations); at
- Anumang iba pang awtoridad na responsable para sa pagtuklas o imbestigasyon o pag-usig ng kwalipikadong krimen o kriminal na aktibidad.

## **Mga Tanong at Sagot Tungkol sa mga Sertipikasyon ng U Visa**

### ***1. Sino ang kwalipikado para sa U visa?***

Pinamamahalaan ng Victims of Trafficking and Violence Protection Act (VTVPA) at tinutukoy ng USCIS ang pagiging kwalipikado para sa mga U visa. Sa ilalim ng mga pederal na probisyong iyon, posibleng maging kwalipikado para sa U visa ang mga indibidwal na walang awtorisadong katayuang imigrante kung sila ay: (1) mga biktima ng mga tinukoy na kwalipikadong krimen (tinalakay sa ibaba), (2) dumanas ng malubhang pisikal o mental na pang-aabuso bilang resulta ng pagiging biktima ng kriminal na aktibidad, (3) may partikular na kaalaman at mga detalye ng isang kwalipikadong krimen na ginawa sa loob ng United States, (4) kasalukuyang tumutulong, dati nang tumulong, o malamang na makatulong sa pagtuklas, imbestigasyon, o pag-usig ng kwalipikadong krimen; at (5) katanggap-tanggap sa United States, at kung hindi sila katanggap-tanggap, puwede silang magsumite ng aplikasyon para sa waiver ng pagiging hindi katanggap-tanggap. Puwedeng magsumite ang mga biktima ng aplikasyon para sa U visa kahit na wala na sila sa United States. Puwede ring magsumite ng aplikasyon ang mga indibidwal na kasalukuyang nasa paglilitis ng pagtatanggal o may mga pinal na kautusan ng pagtatanggal.

Kung patay na dahil sa pamamaslang (manslaughter o murder) ang tuwirang biktima ng kwalipikadong kriminal na aktibidad, o walang kasanayan o walang kakayahan at kung gayon ay hindi makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa kriminal na aktibidad, kasama sa biktima ng kwalipikadong kriminal na aktibidad ang tuwirang biktima ng naisagawang kwalipikadong kriminal na aktibidad **at** ang asawa ng tuwirang biktima, mga anak na wala pang 21 taong gulang, mga magulang, at mga kapatid na wala pang asawa at wala pang 18 taong gulang. Para sa mga layunin ng pagtukoy ng pagiging kwalipikado sa ilalim ng kahulugang ito, isasaalang-alang ang edad ng biktima sa oras na naganap ang kwalipikadong aktibidad na kriminal.<sup>2</sup>

Dagdag pa, puwedeng magpetisyon ang magulang na walang awtorisadong katayuang imigrante para sa kanilang sariling U visa bilang “di-tuwirang biktima” ng kwalipikadong krimen, kung ang kanilang anak ay: (1) wala pang 21 taong gulang, (2) biktima ng kwalipikadong krimen, at (3) walang kasanayan o walang kakayahan kung kaya't hindi niya magawang magbigay sa nagpapatupad ng batas ng sapat na tulong sa imbestigasyon o pag-usig ng krimen. (Puwedeng magpetisyon ang magulang para sa U visa anuman ang katayuan ng citizenship ng kanyang anak o kung namatay ang kanyang anak bilang biktima ng murder o manslaughter.)

---

<sup>2</sup> 8 CFR § 214.14(a)

## **2. *Ano ang kwalipikadong krimen?***

Sa ilalim ng mga nauugnay na batas pang-estado at pederal, kabilang sa mga kwalipikadong krimen ang panggagahasa, tortyur, human trafficking, incest, karahasan sa tahanan (kabilang ang mga paglabag sa mga kautusan sa pagpigil sa karahasan sa tahanan), sekswal na pag-atake, mapang-abusong sekswal na pag-uugali, prostitusyon, sekswal na pagsasamantala, pagputol ng ari ng babae, pagiging bihag, sapilitang pagtatrabaho, perjury, labag sa loob na paglilingkod, pang-aalipin, kidnapping, pagdukot, labag sa batas na kriminal na detensyon, pekeng pagkulong, blackmail, pangigingkil, manslaughter, murder, kriminal na pananakit, pagpepeke ng pagiging saksi, pagpigil sa paghahain ng hustisya, panloloko sa foreign labor contracting, lihim na pagsubaybay, at iba pang kaugnay na krimen na kinabibilangan ng anumang parehong aktibidad kung saan makabuluhang kapareho ang mga elemento ng krimen ng mga pagkakasalang tinukoy sa itaas.

**Isinasaad sa batas sa California, na naaayon sa batas pederal, na kabilang sa kwalipikadong krimen ang pagtatangka, pakikipagsabwatan, o paghingi ng tulong para isagawa ang anuman sa mga tinukoy at iba pang kaugnay na pagkakasala.**

Posibleng ituring na mga kwalipikadong biktima ang mga bystander na dumaranas ng hindi karaniwang tuwirang pinsala bilang resulta ng kwalipikadong krimen. Kasama sa halimbawang ibinigay ng USCIS ang buntis na nalaglagan ng anak bilang resulta ng trauma na naranasan niya mula sa pagiging saksi ng marahas na krimen.<sup>3</sup>

## **3. *Kailangan ba ang pag-aresto, pag-usig, o paghatol para mabigyan ng sertipikasyon ang petisyon ng U visa?***

Hindi. Nilinaw ng Immigrant Victims of Crime Equity Act ng California na hindi kailangan ang kasalukuyang imbestigasyon, ang pagsasampa ng mga kaso, at ang pag-usig o paghatol para lagdaan ang sertipikasyon sa pagpapatupad ng batas. Maraming sitwasyon ang nangyayari kung saan nag-uulat ng krimen ang imigranteng biktima, pero hindi puwedeng maganap ang pag-aresto o pag-usig dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng ebidensya o iba pang pangyayari. Halimbawa, tumakas sa hurisdiksyon, hindi matukoy, o na-deport ng opisyal na nagpapatupad ng pederal na batas ang may-sala. Dagdag pa, hindi alinman sa kasunduan sa plea o pag-dismiss ng kriminal na kaso ang makaaapekto sa pagiging kwalipikado ng biktima. Higit pa rito, valid ang sertipikasyon sa pagpapatupad ng batas kahit na iba ang krimeng kalaunang inuusig sa krimeng iniimbestigahan, hangga't biktima ng kwalipikadong krimen at tumutugon ang indibidwal sa iba pang requirement para sa pagiging kwalipikado sa U visa.

## **4. *Puwede bang tanggihan ng ahensya ang kahilingan sa sertipikasyon ng U visa batay sa pagiging maagap?***

Hindi. **Walang batas ng mga limitasyon** na nagbabawal sa mga imigranteng biktima ng krimen na magsumite ng aplikasyon para sa U visa. Hindi nalilimitahan ng oras ang tungkulin ng mga ahensya sa pagpapatupad ng batas na pumirma ng sertipikasyon, kahit sarado na ang imbestigasyon o kaso.

---

<sup>3</sup> Preamble ng Federal Register, Vol. 72, Blg. 179, p. 53016-53017 (Sept. 17, 2017).

**5. *Awtomatiko bang magkaloob ng mga benepisyo ng imigrasyon sa biktima kapag nabigyan ng sertipikasyon ang petisyon ng U visa?***

Hindi. Hindi puwedeng legal na magkaloob o maggarantiya ang mga pederal, pang-estado o lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas sa imigranteng biktima ng krimen ng U visa o anumang ibang uri ng katayuan sa imigrasyon sa pamamagitan ng pagpirma sa sertipikasyon ng U visa (Form I-918 Supplement B). Sa halip, hinahatulan ng USCIS ang mga petisyon, na nagsasagawa ng buong pagsusuri sa petisyon ng biktima at masusing background check ng petitioner bago aprubahan o tanggihan ang petisyon. Tutukuyin din ng USCIS kung natugunan ng biktima ang mga pamantayan ng “makabuluhang pisikal at mental na pang-aabuso” nang kaso-por-kaso sa panahong hinahatulan ang petisyon. Dagdag pa rito, tinutukoy ng USCIS ang pagiging katanggap-tanggap sa United States ng aplikante o ang pagiging kwalipikado para sa waiver ng pagiging hindi katanggap-tanggap.

Sa pagpirma sa sertipikasyon, isinasaad ng opisyal na nagpapatupad ng batas na: (1) sa ilalim ng parusa sa perjury, na biktima o naging biktima ang indibidwal ng isa sa mga kwalipikadong krimen, at (2) totoo at tama sa abot ng kaalaman ng opisyal na nagbibigay ng sertipikasyon ang natitirang impormasyong ibinigay sa sertipikasyon. **Kung walang kumpletong sertipikasyon ng U visa, hindi magiging kwalipikado ang mga biktima para sa U visa.**

**6. *Kung tatanggihan ng nagpapatunay na ahensya ang kahilingan sa sertipikasyon ng U visa, anong impormasyon ang dapat ibigay ng ahensya?***

Mayroon pa ring pagpapalagay na puwedeng pabulaanan na nakakatulong, tumulong, o malamang na makatulong ang biktima, kung hindi tumanggi ang biktima o nabigong magbigay ng impormasyon at tulong na makatuwirang hiniling ng nagpapatupad ng batas. Para makasunod sa mga pagpapalagay na puwedeng mapabulaanan tungkol sa pagtulong sa VTPVA, dapat malinaw na ipinapahayag at partikular ang dahilan para sa pagtanggap sa sertipikasyon (ibig sabihin, hindi tumulong dahil sa tatlong hindi nasagot na tawag sa telepono noong mga petsang X, Y, at Z). Dagdag pa, dapat nakabatay ang anumang pagtanggap sa sertipikasyon sa mga isyu sa loob ng hurisdiksiyon/imbestigasyon ng partikular na ahensyang nagpapatupad ng batas; dapat eksklusibong pagtuunan ng bawat ahensyang nagpapatupad ng batas ang imbestigasyon nito para tukuyin ang pakikipagtulungan at dapat magtukoy batay sa imbestigasyon nito kahit na may imbestigasyon, referral, at/o pag-usig ang ibang ahensyang nagpapatupad ng batas.

**Mga Rekomendasyon at Karagdagang Resource para sa Pagpapatupad ng Batas**

Nakatuon si Attorney General Rob Bonta sa paghahangad ng hustisya para sa bawat biktima ng krimen sa California anuman ang katayuan sa imigrasyon ng biktima. Kadalasang kabilang ang mga di-dokumentadong imigrante sa mga pinakabulnerableng biktima ng krimen sa buong California. Ang takot sa deportasyon ang makabuluhang hadlang sa pag-uulat ng krimen para sa maraming di-dokumentadong imigrante. Dahil dito, hinihikayat ng Attorney General ang lahat ng ahensya at opisyal na nakapailalim sa bagong batas ng California na kaagad na magtatag at magpatupad ng patakaran at protocol sa sertipikasyon ng U visa na naaayon sa batas ng California at sa patnubay na ibinigay ng bulletin na ito sa pagpapatupad ng batas. Dahil dito, posibleng tugunan ng patakaran at protocol sa sertipikasyon ng U visa ang mga sumusunod:

1. Pagtitiyak na gagawin sa lalong madaling panahon ang mga desisyon sa loob ng 30-araw o 7-araw na palugit, lalo na sa mga kagyat na kaso (ibig sabihin, kung saan mawawalan ng pagiging kwalipikado ang kwalipikadong miyembro ng pamilya).
2. Proseso ng pag-apela para sa mga pagtanggap sa sertipikasyon kung saan (1) sinuri ang sertipikasyon ng indibidwal maliban sa inisyal na superbisor na nag-apruba ng “pagtanggap” para tiyakin ang pagiging walang kinikilingan at (2) isinapubliko ang proseso ng pag-apela para magbigay ng transparency.
3. Pagsusuri ng buong ulat at file sa pulisya para independiyenteng isaalang-alang kung kwalipikado ang lahat ng potensyal na biktima para sa sertipikasyon (ibig sabihin, hindi laging inililista ng ilang ulat sa pulisya ang lahat ng potensyal na biktima at minsan ay kinakategoryang mga saksi ang mga biktima).
4. Pagpirma ng mga single-sided na form ng Sertipikasyon ng I-918B U Visa na may pirma at petsa na malinaw na nakasulat sa asul na tinta, at nagbibigay ng orihinal na pirma sa mga requestor.
5. Magkakaparehong paraan ng pangangasiwa kapag epektibong nakipagtulungan sa pagpapatupad ng batas ang mga magulang ng mga menor-de-edad na wala pang 16 taong gulang na ginawang available ang menor-de-edad sa nagpapatupad ng batas o paghihikayat sa pakikipagtulungan ng menor-de-edad sa nagpapatupad ng batas, at posible ring maging kwalipikado sa pagkuha ng sertipikasyon kung nakipagtulungan din sila sa nagpapatupad ng batas sa imbestigasyon ng (mga) krimen.

Kasama sa **web site ng USCIS** ang kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado sa U visa, mga kwalipikadong kriminal na aktibidad, at pagsusumite ng aplikasyon para sa U visa. *Tingnan* ang <https://www.uscis.gov/humanitarian/victims-of-criminal-activity-u-nonimmigrant-status>. Mahahanap ang Form I-918 Supplement B Certification dito: <http://www.uscis.gov/i-918>.

Umaasa kaming makipagtulungan sa inyo para tiyaking patuloy na nagbibigay ng halimbawa ang California sa buong bansa sa pagbubuo at pagpepreserba ng relasyon ng tiwala sa pagitan ng aming mga opisyal sa kapayapaan at mga komunidad na sinumpaang paglilingkuran, kasama ang mga komunidad ng mga imigrante.

Idirekta ang mga tanong tungkol sa bulletin na ito sa Kagawaran ng Hustisya, Dibisyon ng Pagpapatupad ng Batas (Department of Justice, Division of Law Enforcement) sa (916) 210-6300.